





1. Joseph's brothers had travelled north to Shechem to find pastures to graze their father's flocks. Joseph had remained at home with his father Jacob in the valley of Hebron.




Ang mga kapatid ni Jose ay naglakbay pahilaga patungong Shechem upang humanap ng mga pastulan na mapagpapastulan ng mga kawan ng kanilang ama. Si Jose ay nanatili sa bahay kasama ang kanyang amang si Jacob sa lambak ng Hebron.






2. Jacob told Joseph, ‘Go and see if all is well with your brothers and with the flocks, and bring word back to me.’

Sinabi ni Jacob kay Jose, “Pumunta ka at tingnan kung maayos ang kalagayan ng iyong mga kapatid at ng mga kawan, at magbalik ka ng balita sa akin.”





Shechem


Bethel

Hebron

Scale



3. So Joseph set off from Hebron to Shechem to find his brothers. However, when he got there he could not find them.



Kaya umalis si Jose mula sa Hebron patungong Shechem upang hanapin ang kanyang mga kapatid. Ngunit pagdating niya roon, hindi niya sila matagpuan.






**4. A man asked, ‘What are you looking for?’
Joseph replied, ‘I’m looking for
my brothers. Can you tell me where they are
grazing their flocks?’ ‘I heard them say, “Let’s
go to Dothan,”’ the man replied.**



May isang lalaking nagtanong, “Ano ang hinahanap mo?” Sumagot si Jose, “Hinahanap ko ang aking mga kapatid. Maaari mo bang sabihin kung saan sila nagpapastol ng kanilang mga kawan?” Sumagot ang lalaki, “Narinig kong sinabi nila, ‘Pumunta tayo sa Dothan.’”





Dothan



Shechem



Bethel



Hebron


Scale

0

20 miles


0

20 km



**5. So Joseph travelled on to
Dothan.**

Kaya naglakbay si Jose patungong Dothan.





**6. His brothers were grazing their flocks
there.**



Naroon ang kanyang mga kapatid na nagpapastol ng
kanilang mga kawan.





7. However, when his brothers saw him in the distance they plotted to kill him.

Ngunit nang makita siya ng kanyang mga kapatid mula sa malayo, nagplano silang patayin siya.






**8. ‘Here comes that dreamer!’ they muttered.
‘Let’s kill him and throw him into one
of these cisterns. We can say that a ferocious
animal devoured him. Then we’ll see what
comes of his dreams.’**




“Parating na ang mapangarap na iyon!” bulong-bulong nila.
“Patayin natin siya at ihulog sa isa sa mga balon na ito.
Sasabihin natin na nilamon siya ng isang mabangis na
hayop. Tapos tingnan natin kung ano ang mangyayari sa
kanyang mga panaginip.”





9. Reuben, the oldest of Jacob's sons, protested.

'Let's not take his life,' he said. 'Don't shed any blood. Throw him into this cistern but don't lay a hand on him.'




Si Ruben, ang panganay sa mga anak ni Jacob, ay tumutol.

“Huwag nating kitlin ang kanyang buhay,” sabi niya.


“Huwag tayong magbuhos ng dugo. Ihulog na lamang siya sa balong ito ngunit huwag ninyo siyang sasaktan.”





10. Reuben said this planning to rescue Joseph later and take him back to his father.

Sinabi ito ni Ruben dahil balak niyang iligtas si Jose kalaunan at ibalik siya sa kanilang ama.





11. So when Joseph arrived his brothers stripped him of his ornate robe and threw him into an empty cistern.

Kaya nang dumating si Jose, hinubaran siya ng kanyang mga kapatid ng kanyang maringal na kasuotan at inihulog siya sa isang walang lamang balon.

”
•






12. As they sat down to eat their meal, they saw a caravan of Ishmaelite traders coming from Gilead. Their camels were loaded with spices, balm and myrrh they were taking to Egypt.




Habang sila ay naupo upang kumain, nakita nila ang isang karaban ng mga mangangalakal na Ismaelita na nagmumula sa Gilead. Ang kanilang mga kamelyo ay kargado ng mga pampalasa, balsamo, at mira na kanilang dinadala patungong Egipto.





13. Judah said to his brothers, ‘Let’s not kill Joseph but sell him to the Ishmaelites.’ So they pulled Joseph up out of the cistern and sold him for twenty shekels of silver to the Ishmaelite traders.



Sinabi ni Juda sa kanyang mga kapatid, “Huwag na nating patayin si Jose kundi ipagbili natin siya sa mga Ismaelita.” Kaya hinila nila si Jose palabas ng balon at ipinagbili siya sa mga mangangalakal na Ismaelita sa halagang dalawampung siklo ng pilak.






14. Joseph was taken prisoner by the Ishmaelite traders and began his long journey to Egypt to be sold as a slave


Si Jose ay dinakip ng mga mangangalakal na Ismaelita at sinimulan ang kanyang mahabang paglalakbay patungong Egipto upang ipagbili bilang alipin.






15. Rueben had not been with the other brothers when Joseph was sold. When he discovered Joseph was no longer in the cistern he tore his clothes in grief. ‘The boy isn’t there! What can I do now?’ Then they got Joseph’s robe, slaughtered a goat and dipped the robe in the blood.

Wala si Ruben kasama ng iba pang mga kapatid nang ipagbili si Jose. Nang matuklasan niyang wala na si Jose sa balon, pinunit niya ang kanyang mga kasuotan sa matinding dalamhati. “Wala na ang bata! Ano na ang gagawin ko ngayon?” Pagkatapos ay kinuha nila ang kasuotan ni Jose, pumatay ng isang kambing, at isinawsaw ang kasuotan sa dugo.





16. They took the ornate robe back to their father and said, ‘We found this. Is it your son’s robe?’ ‘It is my son’s robe!’ Jacob cried. ‘Some ferocious animal has devoured him.’



Dinala nila ang maringal na kasuotan pabalik sa kanilang ama at sinabi, “Natagpuan namin ito. Ito ba ang kasuotan ng iyong anak?” “Ito ang kasuotan ng aking anak!” sigaw ni Jacob. “Nilamon siya ng isang mabangis na hayop.”





17. Grief-stricken, Jacob tore his clothes, put on sackcloth and mourned for Joseph. No-one could comfort him. He wept, ‘I will continue to mourn until I join my son in the grave.’



Sa tindi ng kanyang pagdadalamhati, pinunit ni Jacob ang kanyang mga kasuotan, nagsuot ng damit na sako, at nagluksa para kay Jose. Walang makapagpatahan sa kanya. Siya ay umiiyak at nagsabi, “Magluluksa ako hanggang sa sumama ako sa aking anak sa libingan.”

